



Kagawaran ng Hustisya ng U.S.

Dibisyon ng mga Karapatang Sibil

[civilrights.justice.gov](http://civilrights.justice.gov)

## Pagtitiyak ng Access sa Wika sa mga Korte

Ang Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil ay nakikipagtulungan sa mga pang-estado at lokal na hukuman at mga stakeholder sa buong bansa para isulong ang magkatulad na layunin ng pantay na pag-access sa mga hukuman, anuman ang kakayahan sa Ingles, at para matiyak ang integridad at pagiging patas ng legal na sistema para sa lahat.

### Mga kamakailang halimbawa ng aming trabaho

*Ang Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil ay nakikipagtulungan sa mga sistema ng estado at lokal na hukuman sa higit sa 20 estado sa buong bansa para alisin ang mga hadlang sa wika para sa mga taong limitado ang pagkabihasa sa Ingles at upang matiyak ang pagsunod sa Titulo VI.*

- Kamakailan lamang, ang mga sistema ng hukuman na ito ay kinabibilangan ng:
  - [Fort Bend County, Texas](#)
  - [Oklahoma](#)
  - [Louisiana](#)
  - [North Carolina](#)
  - [South Dakota](#)
  - [Vermont](#)

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga usapin na ito at marami pang ibang mapagkukunan sa [www.lep.gov/state-courts](http://www.lep.gov/state-courts)

**"Walang sinuman ang dapat mahadlangan sa mga korte dahil sa wikang kanilang sinasalita."**

-- Kristen Clarke, Assistant Attorney General para sa mga Karapatang Sibil

### Mga Proteksyon sa Mga Karapatang Sibil ng Pederal

**Titulo VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964** at ang mga regulasyon nito ay nagbabawal sa diskriminasyon sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan laban sa sinumang tao sa Estados Unidos sa pamamagitan ng isang programa o aktibidad na tumatanggap ng tulong pinansyal ng pederal. 42 U.S.C. § 2000d; 28 C.F.R. Bahagi 42 Subseksyon C.

Upang matugunan ang kanilang mga obligasyon, ang mga tatanggap ng mga pederal na pondo sa hukuman ng estado ay dapat, halimbawa, magbigay ng angkop na mga serbisyo ng tulong sa wika sa mga indibidwal na may limitadong kakayahan sa Ingles (LEP). Kasama sa naturang tulong, ngunit hindi limitado sa, pagtiyak na ang mga gumagamit ng hukuman na may LEP ay may sapat na interpretasyon at mga serbisyo sa pagsasalina na ibinibigay nang walang bayad sa panahon ng mga pagdinig at paglilitis, gayundin sa mga operasyon ng korte.

Seksyon ng Pederal na Koordinasyon at Pagsunod

Dibisyon ng mga Karapatang Sibil  
Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos  
950 Pennsylvania Avenue, N.W. (4CON)  
Washington, D.C. 20530.

888 (848-5306).

[FCS.CRT@usdoj.gov](mailto:FCS.CRT@usdoj.gov)

[www.justice.gov/crt/fcs](http://www.justice.gov/crt/fcs)

[www.lep.gov](http://www.lep.gov)

Upang magsumbong ng diskriminasyon sa Dibisyon ng mga Karapatang Sibil, bisitahin ang [civilrights.justice.gov](http://civilrights.justice.gov).



## Pagpapatupad ng Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil ng Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil

- Ang Dibisyon ng Mga Karapatang Sibil ay nagsisiyasat sa mga ulat ng kabiguang sumunod sa Titulo VI sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng sapat na mga serbisyo sa wika at nagtatrabaho upang matiyak ang boluntaryong pagsunod.
- Sa pamamagitan ng aming mga kasunduan at tulong teknikal, pinalawak ng mga hukuman at sistema ng hukuman ang mga serbisyo sa wika sa pamamagitan ng:
  - Pagbuo at/o pag-update ng mga plano sa pag-access sa wika sa buong estado para makapagbigay ng mas malalaking serbisyo sa mga gumagamit ng hukuman.
  - Ang pagbibigay ng mga serbisyo sa tulong sa pasalita at nakasulat na wika nang libre sa lahat ng sibil at kriminal na kaso at mga operasyon sa korte anuman ang katayuan ng indigency.
  - Paglikha at pamamahagi sa mga silid ng hukuman, mga opisina ng klerk, at mga hukuman sa wikang paunawa sa pagbibigay ng mga libreng serbisyo sa wika.
  - Paggawa at pag-isyu ng video remote at pantelepono na tagapagsalin na gabay para sa mga kawani ng hukuman at mga hukom.
  - Paglikha at pagbibigay ng pagsasanay sa pag-access sa wika para sa mga kawani ng hukuman at mga hukom.
  - Pagpapanatili ng mga website na nakaharap sa publiko na nagpapaliwanag, sa mga wikang Ingles at hindi Ingles, kung paano humiling ng mga serbisyo ng interpretasyon o pagsasalin.
  - Pagbuo ng proseso ng reklamo sa pag-access sa wika.
  - Pagsasalin ng mga dokumento ng hukuman at mga form ng hukuman sa maraming wika at ginagawang available sa publiko ang mga dokumentong iyon.
  - Pagpapabuti ng mga sistema ng pamamahala ng kaso para mas mahusay na masubaybayan ang mga pangangailangan ng wika.

**Karagdagang Mga Mapagkukunan:** Maraming mga korte ng estado at estado at pambansang mga organisasyon ang nagsagawa ng mga aktibong hakbang para pagbutihin ang access sa hustisya para sa mga gumagamit ng hukuman na may LEP. Halimbawa, ang Dibisyon ng Mga Serbisyo sa Pagkonsulta, Seksyon ng Mga Serbisyo sa Pag-access sa Wika ng Pambansang Sentro para sa mga Hukuman ng Estado (*National Center for State Courts Court*, NCSC) ay nagbibigay sa mga korte ng estado ng mga mapagkukunan upang malampasan ang mga hadlang sa wika sa mga korte at para tiyakin na ang pagbibigay sa mga indibidwal na may LEP ng pantay na access sa mga korte ay isang pangunahing tungkulin ng hukuman. Nagho-host din ang NCSC ng isang website at mga serbisyo sa pagkonsulta na idinisenyo para makinabang ang mga korte ng estado, mga inaasahan na tagapagsalin, at sinumang interesado sa kung paano natutugunan ng mga korte ng estado ang mga pangangailangan ng, at patuloy na naghahangad na mapabuti ang mga serbisyo sa, mga indibidwal na may LEP. Para sa dagdag na impormasyon, mangyaring bisitahin ang <https://www.ncsc.org/consulting-and-research/areas-of-expertise/language-access>.

Bilang karagdagan, ang mga stakeholder kabilang ang [American Bar Association](#), ang [Network ng Pambansang Access sa Wika \(National Language Access Network\)](#), mga organisasyon ng tagapagsalin, at iba pa ay lumikha ng mga mapagkukunan at gumawa ng aksyon para pagbutihin ang pag-access sa wika sa mga hukuman.